BU-25582
7/31/23

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CAVITE PROVINCE

Hulyo 31, 2023

**PANDIBISYONG MEMORANDUM**
BLG. 309, s. 2023

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023**

SA MGA: Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe, CID ,SGOD, Puno ng Tanggapan
Pandibisyong Tagamasid
Pampublikong Pampurok na Tagamasid
Punong-guro, Ulongguro at Dalubguro
Mga Guro sa Elementarya, JHS at SHS

1. Bilang pagtugon sa Memorandum Rehiyonal Blg. 036, s. 2023 kaugnay ng pagdiriwang ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa na may temang "Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad at Inklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan", sa pamamagitan ng Tanggapan ng Pagtuturo at Pagkatuto, sa pakikiisa ng Pansangay na Samahan ng mga Punongguro sa Filipino ( PASAPFIL), Kapisanan ng Sekundaryang Guro sa Filipino (KASEGFIL) at Kapisanan ng mga Guro sa Senior HS (KAGUSEFIL), ang ating sangay ay malugod na nakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041 s. 1997.

2. Layunin ng Buwan ng Wika 2023 ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mâmamayâng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampâmahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mâmamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Ang mga paaralan ay inaanyayahang makisangkot sa mga gawaing kaugnay ng pagdiriwang. (Tingnan ang Lakip #1).

4. Hinihikayat rin ang pakikisangkot ng mga Function Based-Team na nakatalaga sa Filipino, Key Administrators, Ulongguro, Dalubguro at mga Guro sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga kaalaman, impormasyong pangwika at maka-Filipino at Trivia na ipapaskil o ibabahagi sa FB page ng DepEd Cavite Tropang Filipino (https://www.facebook.com/groups/610125539667050) mula Agosto 1 hanggang Agosto 31, 2023

5. Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ay hinihikayat rin ang lahat ng tanggapan sa ilalim ng DepEd Cavite Province at mga distrito sa pamumuno ng mga Pampurok na Tagamasid na isagawa ang Seremonya ng Pagtataas ng Bandila tuwing Lunes gamit ang wikang Filipino at magsuot ng anomang bagay o kasootan ( sablay, filipiniana, barong/ baro atbp) na magpapakilala ng kaakuhan ng lahing Pilipino sa araw na ito upang maipakita ang pagpapahalaga sa wika.

6. Inaasahang magsusumite ng naratibong ulat, News Letter,Activity Report , vidyo, at larawan kaugnay ng isinagawang gawain sa bawat linggo na ibabahagi sa googledrive.

7. Para sa ilan pang mga katanungan kaugnay ng memorandum na ito ay mangyari lamang na makipag-ugnayan sa Pansangay na Tagamasid na nakatalaga sa Filipino, Maribeth C. Rieta sa numerong 09478954836 o mag-email sa maribeth.rieta@deped.gov.ph.

8. Inaasahan ang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ROSEMARIE D. TORRES, CESO V**
Schools Division Superintendent

MCR/DM NO.309 S.2023
PU-2582 07/31/2023

LAKIP #1

**PROGRAM/ CONTEST MATRIX**

| Date | Week Coverage | Theme | Contest/ Activity | Deadline | Attachment |
|---|---|---|---|---|---|
| August 1-4, 2023 | Unang Linggo | | Pambukas na palatuntunan sa Buwan ng Wika | August 1 | Virtual na palatuntunan |
| | | Gurong Filipino, maglilingkod ng may puso at isang diwa at wika tungo sa matatag na bansang makabata batang makabansa | Patimpalak sa paglikha ng logo (Logo Design) | August 4, 2023 | Disenyo na naka PDF pormat at nakasalin sa A4 size na bond paper<br><br>Pormularyo ID |
| | | Pagkilala at Pagtataguyod sa Filipino Sign Language (FSL) bilang Pambansang Wikang Senyas ng Pilipinas | 1. Pagtitipon ng mga salitang pagbati na isesenyas sa Filipino Sign Language bilang pagkilala ng FSL, | July 31, 2023 | Recorded Video ng bawat distrito<br><br>Nakasumite sa google drive ng dibisyon |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | bilang ingklusibo sa pamayanan<br><br>2. Pagpapalabas ng mga isinumite ng bawat distrito sa Filipino FB page<br><br>*Iskedyul ng bawat unit:*<br><br>East Unit-<br>West Unit-<br>North Unit-<br>South Unit- | <br><br><br><br><br><br>August 1<br>August 2<br>August 3<br>August 4 | |
| Date | Week Coverage | Theme | Contest/ Activity | Deadline | Attachment |
| August 7-12, 2023 | Second Week | | Masining na pagkukuwento<br><br>Iskedyul ng bawat unit sa Filipino FB page upang maipalabas:<br><br>North Unit<br>South Unit<br>West Unit<br>East Unit | August 5, 2023<br><br><br><br><br>August 7<br>August 8<br>August 9 | Recorded Video ng mga batang nagsilahok sa Pandibisyong patimpalak sa DFOT (mga nanguna sa bawat klaster)<br><br>Pahintulot ng magulang |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mga Wikang Katutubo: Midyum ng Pagtuturo, Pananaliksik, at Pagkakaisa | | August 10 | upang maipalabas ang recorded video |
| | | | Patimpalak sa Pagsulat ng Tula | August 12, 2023 | PDF pormat ng kopya tula Nakasalin sa A4 size na bond paper Font style: Bookman Old Style Font size: 12<br><br>*Bilang ng saknong*<br><br>Mga guro sa Elementarya, JHS, SHS ay 5 to 7 saknong<br><br>Pormularyo ID |

| Date | Week Coverage | Theme | Contest/ Activity | Deadline | Attachment |
|---|---|---|---|---|---|
| August 14-19, 2023 | Third Week | Mga Wikang Katutubo: Kasangkapan ng Siyensiya at Teknolohiya tungo sa Maunlad na Bansang Pilipinas | Patimpalak sa Pagsulat ng Sanaysay | August 19, 2023 | PDF pormat na entri sa patimpalak na Sanaysay<br><br>Nakasalin sa A4 size na bond paper na may font style na Bookman Old |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Style at font size na 12<br><br>*Mga Bilang ng salita sa sanaysay:*<br><br>Mga Guro sa Elementarya, JHS at SHS: ay 1,000 hanggang 1,500 salita<br><br>Pormularyo ID |

| Date | Week Coverage | Theme | Contest/ Activity | Deadline | Attachment |
|---|---|---|---|---|---|
| August 21-26, 2023 | Fourth Week | Mga Wikang Katutubo: Pambansang Pag-uswag at Pakikipagkapuwa sa Pagpapaunlad ng Katarungang Panlipunan | Patimpalak sa paggawa ng maikling komentaryo o Vlog<br><br>Bukas sa mga guro sa lahat ng antas | August 26, 2023 | Kopya ng recorded Vlog, iuupload sa google drive ng dibisyon<br><br>Kung may Youtube account ang vlogger ibabahagi nito ang link upang maka -access ang hurado<br><br>Sertipikasyon ng school LR evaluator upang ma upload ang vlog at |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | dumaan sa masusing ebalwasyon<br><br>Pormularyo ID |
| | | | Patimpalak sa paglikha ng awit<br><br>Himig Filipino<br><br>Bukas sa lahat ng guro sa lahat ng antas | August 26, 2023 | PDF pormat na sipi ng komposisyon<br><br>Nakasalin sa A4 size bond paper, font style na Bookman Old Style at size 12<br><br>Recorded video na may lapat na tugtog at kanta ang komposisyon ( Hindi gagamitan ng kagamitang teknikal na makapagpapa bago sa kalidad ng tinig<br><br>Pormularyo ID |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Date | Week Coverage | Theme | Contest/ Activity | Deadline | Attachment |
| August 28-31, 2023 | Fifth Week | Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon | Paglalagom ng mga Naging Gawain sa Buwan ng Wikang Pambansa 2023<br><br>Pampinid na Palatuntu-nan/<br><br>Paggawad ng mga Sertipiko sa mga naging bahagi ng isang buwan selebrasyon sa buwan ng wika at sa mga nanalong kalahok sa patimpalak | August 31, 2023 | Pampinid na Programa<br><br>Sertipiko ng Pagkilala at Partisipasyon |

Lakip #2

**PAMANTAYAN SA PATIMPALAK SA BUWAN NG WIKA**

**LOGO DESIGN**

1. Ang patimpalak ay bukas sa mga guro ng elementarya at sekondarya, ng kahit anong learning area na may talento sa graphic design, o bilang mga artist

2. Indibidwal na kategorya ang pagsali at hindi grupo. Isang entri lamang ang maaaring ipasa ng kalahok

3. Ang entri na logo ay dapat na orihinal at walang paglabag sa copyright, trademark, privacy right, at anumang karapatan hanggang sa ikatlong partido na lumikha ng disenyo

4. Maaaring sa pormang graphics, may kumbinasyon ng mga salita o letra, at nangingibabaw ang asul na kulay bilang kulay ng asignaturang Filipino

5. Isusumite ang mga disenyo ng kalahok mula Agosto 1 hanggang 4 o sa unang linggo ng buwan ng Agosto sa google drive mula sa dibisyon

6. Ang tema ng logo ay " Gurong Filipino, maglilingkod ng may puso at isang diwa at wika tungo sa matatag na bansang makabata batang makabansa"

7. Ang disenyo ay maaaring magamit bilang logo ng t-shirt, tarpaulin o anumang uri ng paglimbag.

8. Ang disenyong logo ay naka **pdf na pormat** nakasalin sa A4 size na bond paper.
9. Maaaring gamitin ang sumusunod sa paglikha ng disenyo: Adobe ( InDesign, Illustrator, Photoshop) Canva, o CoreDRAW

10. Ang organisasyon ng patimpalak ay may karapatang gamitin ang disenyo na mananalong kalahok ng walang kalakip na bayad at ang kalahok ay magsusumite ng high resolution ng disenyo niyang logo

| KRAYTERYA PARA SA LOGO | |
|---|---|
| Pagka- Orihinal | 30% |
| Pagkamalikhain /Pagkamasining | 30% |
| Biswal Impak | 20% |
| Balans at Komposisyon | 20$ |
| KABUUAN | 100% |

**PAGSULAT NG TULA**

1. Ang pagsulat ng tula ay gaganapin sa ika- 7-12 ng Agosto /Ikalawang linggo ng buwan. Bukas ang patimpalak sa lahat ng mga guro sa elementarya at sekundarya .

2. Isang kalahok lamang sa antas na elementarya at sekondarya ang maaaring ilaban ng bawat distrito.

3. Ang mga tulang isinulat at nasa naka-pdf ay isusumite sa dibisyon sa ibibigay na google drive upang dito i-upload ayon sa mga petsang nabanggit lamang.

4. Ang tula ay computerized, nakasalin sa A4 size na papel, Font style na Bookman Old style at font size na 12
5. Ang pormat ay pdf

6. Para bilang ng saknongng tula ay 5 to 7 na saknong

7. Malayang makasusulat ng pamagat ang kalahok ngunit hindi lalayo sa panlingguhang tema ang nilalaman ng tula

| KRAYTERYA SA PAGSULAT NG TULA | | |
|---|---|---|
| Nilalaman at kaugnayan sa Paksa | Kaangkupan at kabuluhan ng isinasaad sa paksa | 50% |
| Kasiningan | Anyo, estilo, pagkamalikhain | 30% |
| Gamit na Wika | Wastong pagbabaybay, bantas, at mabisang gamit ng mga salita | 20% |
| Kabuuan | | 100% |

**PAGSULAT NG SANAYSAY**

1. Bukas ang patimpalak sa pagsulat ng sanaysay sa mga guro sa elementarya at sekundarya
   Gamit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan ng mamamayan na sumasalamin sa pagkakaisa tungo sa maunlad na Pilipinas

2. Ang timpalak na pagsulat ng sanaysay ay isasagawa at isusumite mula ika 14 hanggang 19 ng Agosto o Ikatlong Linggo

3. Kailangang magtaglay ng sumusunod na bilang ng mga salita ang sanaysay:

| | |
|---|---|
| Mga Guro sa Elementarya at Sekondarya | 1000 – 1,500 salita |

4. Ang mga ginawang sanaysay ay isusumite sa google drive ng dibisyon sa pagitan ng mga petsang nabanggit gamit ang papel na A4 size , Font style ay Bookman Old style at font size na 12.

5. Ang entri ay naka pdf pormat

6. Isang kalahok lamang sa antas na pang elementarya at isa sa pang sekondarya ang maaaring ilaban ng bawat distrito.

| KRAYTERYA SA PAGSULAT NG SANAYSAY | | |
|---|---|---|
| Nilalaman at kaugnayan sa paksa | Kaangkupan at kabuluhan ng isinasaad | 50% |
| Kasiningan | Kaisahan ng diwa at daloy na talakay , orihinalidad At pagkamalikhain | 30% |
| Gamit ng Wika | Wastong pagbabaybay, Gramatika at bantas | 20% |
| Kabuuan | | 100% |

**PAGSULAT NG KOMENTARYO/VLOG**

1. Ang paggawa ng maikling komentaryo/ Blog/Vlog ay dapat tumatalakay sa kahalagahan ng mga katutubong wika sa pakikipagkapwa sa lipunang Pilipino

2. Maaaring lumahok ang mga guro sa elementarya at sekondarya

3. Bawat distrito ay mayroon lamang tig-isang kalahok sa elementarya at sekondarya

4. Ang timpalak ay gaganapin mula ika- 21 hanggang 26 ng Agosto at iuupload sa google drive na ibibigay ng dibisyon. Inaasahang lahat ng kalahok ay makasumite sa pagitan lamang ng mga petsang nabanggit.

5. Ang komentaryo/vlog ay hindi lalampas sa tatlong (3) minuto.
6. Ang oryentasyon sa vlog ay naka landscape
7. Hindi lalampas sa 1,000 salita.
8. Ang vlog ay hindi bababa sa 640x480 resolusyon
9. Kung may youtube ang kalahok siguraduhing walang nilalaman na sensitibo at dumaan sa LR evaluators ng bawat paaralan bago i-upload.

10. Sertipikasyon ng school LR evaluator na masusing dumaan sa ebalwasyon at walang nalabag na anumang copyright

11. Ibabahagi din ng kalahok ang link ng kanyang Youtube account upang ma-access ng mga hurado ang vlog
12. Wikang Filipino ang maaaring gamitin sa vlog.

| **KRAYTERYA SA KOMENTARYO/ VLOG** | | |
|---|---|---|
| Pangkalahatang Impression sa nilalaman | Kalidad, linaw ng mensahe, berbal at Biswal na presentasyon, enterteynment | 30% |
| Kaugnayan sa paksa | Kaangkupan at kabuluhan ng isinasaad, epekto sa lipunan | 40% |
| Gramatika | Kawastuhan ng gramatika | 15% |
| Teknikal | Paggamit o paglalapat ng angkop na tunog o musika, imahe, simbolismo at iba pa Siguraduhin na I kredit sa may kanya ang mga hiram na nabanggit | 15% |
| **Kabuuan** | | **100%** |

**PAGLIKHA NG AWIT**

1. Ang kalahok sa paglikha o pag compose ng awit ay bukas sa mga guro ng elementarya at sekondarya.

   Sa mga mag-aaral naman ay bukas sa Junior High School at Senior High School.

   Ang bawat distrito ay maaring magkaroon ng entri sa mga guro ( isa mula sa( elementarya at sekondarya) at sa mga mag-aaral ay isa sa sekondarya (Junior at Senior High School )

2. Gamit ang wikang katutubo, ang awit ay dapat naaayon sa tema na itinakda para sa linggo ng paligsahan.

3. Maaaring pumili sa mga sumusunod na uri ng komposisyon: ballad, pop, hip hop at rap, reggae at folk na gamit ang katutubong wika.

4. Ang likhang awit ay dapat lapatan ng tugtog na hindi lalampas sa 4 na minuto. Maaring kumuha ng mga mang aawit at i-record ito. May opsyon ang kalahok na awitin ang sariling komposisyon o ipaawit ang komposisyon ng solo, duet, o grupo.

5. Isusumite ang sipi ng likhang awit gamit ang PDF pormat at nakasalin sa A4 size na bond paper, na may Font style na Bookman Old Style, size 12 ;

6. Bukod sa sipi ng awit ang recorded na komposisyon ay dapat na may lapat na tugtog at kanta at ito ay isusumite rin sa sa google drive.

7. Ang takdang araw ng pagsumite ng komposisyon ay mula ika- 21-26 ng Agosto.

| **KRAYTERYA SA LIKHANG AWIT** | | |
|---|---|---|
| Nilalaman | Makabuluhan ang mensahe ng awit, Angkop sa tema,<br>Malinaw ang mensahe sa madla<br>Positibo ang mensahe ng awit | 40% |
| Organisasyon | May kaisahan o magkakaugnay ang mga ginamit na salita , tugma, saknong, baybay, tayutay, talinghaga at iba pa | 30% |
| Musikalidad<br>(himig at ritmo) | Malinis ang pagkakalapat ng tugtog,<br><br>Nauunawaan at angkop ang pagkakaawit , may diin at damdamin | 30% |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang himig ay simple at nakakakuha o nakakaakit ng atensiyon ng taga pakinig at orihinal | |
| Kabuuan | | 100% |

**LAKIP #3**

**MGA KOMITE SA BUWAN NG WIKA 2023**

Technical Committee : Chairman: Mark Lester Dela Cruz
Vice Chairman: Guilbert P. Guevarra
Member: Apolinario V. rosanes Jr.

Program
Chairman: Lynnette A. De Leon
Vice Chairman: Morena R. Nalunat
Members: Aireen M. Ambat
Kristine G. Belando
Cleta N. Bello
Shiela B. Nuñez

Documentation:
Chairman: Diana G. Liveta
Vice Chairman: Nemirose B. De Capia
Members: Marites O. Refuerzo
Juvilla T. Bondoc
Kristine Rae C. de Ramos

Certificates and Awards:
Chairman Efrenaida H. Lumagui
Vice Chairman: Divina M. Cenizal
Member: Gemma B. De Borja
Felizardo D. Perlado

Contest Proper/ Google drive and link
Chairman: Ronald C. Reyes
Vice Chairman: Mercedita C. Villanueva
Member: Cristina S. Mondido

Creative Team/Teaser/ weekly : Secondary Head Teachers :
Chairman: Ronald C. Reyes
Vice Chairman: Cristina S. Mondido
Members: Reen M. Ambat

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CAVITE PROVINCE

Technical Team

Closing Program: Secondary Head Teachers

| | |
|---|---|
| Chairman: | Cristina Mondido |
| Vice Chairman: | Mylene Lescano |
| Member/s | |
| | Shiela B. Nuñez |

Lakip #4

**PORMULARYO ng PAGLAHOK para sa**

__________________ (Paligsahan)

I. Impormasyon ng Kalahok

Larawan
(2 x 2)

A. Pangalan ng Kalahok at Baitang

B. Paaralan at Distrito:

C. Tagapagsanay: ____________________ Punongguro: __________________

Tagamasid Pampurok: ________________________________________

D. Telepono: _________ Mobile Phone: __________ e-mail: ____________

II. Impormasyon sa Paligsahan

A. Paligsahang Sinasalihan:

B. Titulo:

_______________________
Lagda ng kalahok

Inendorso:

Ulo ng Kagawaran : _______________________
Pangalan at Pirma

Punongguro: _______________________
Pangalan at Pirma